



**Espesyal
na
Tampok**

ANG AMING CENTER AY NA-FEATURE SA CITY NEWSLETTER NA “KŌHŌ TAKAHAMA”!

1. LILIPAT ANG “TAKAHAMA
MULTICULTURAL COMMUNITY
CENTER” SA LOOB NG WOMEN’S
CULTURAL CENTER (P.1~4)

2. PANAYAM KAY GNG. NIIMI NG
TAKAHAMA MULTICULTURAL
COMMUNITY CENTER “TSUNAGU
TSUNAGARU” (P.5~6)

3. IMPORMASYON TUNGKOL SA
PAGLILIPAT (P.7)



Next page 



**Espesyal
na
Tampok**

PANAYAM KAY GNG. NIIMI MULA SA TAKAHAMA MULTICULTURAL COMMUNITY CENTER “TSUNAGU TSUNAGARU”!

**Tanong 1: 🧑♀️ Anong klaseng mga tao ang
gumagamit ng center?**

**Sagot: Maraming residente ng Takahama ang
mula sa Vietnam, Brazil, at Pilipinas. Mga
60% ng mga gumagamit ng center ay mula sa
mga bansang ito. Mayroon ding mga tao mula
sa iba’t ibang bansa, kaya ang pakiramdam
dito ay parang isang “Little World” sa loob
ng Takahama.**





**Espesyal
na
Tampok**

PANAYAM KAY GNG. NIIMI MULA SA TAKAHAMA MULTICULTURAL COMMUNITY CENTER “TSUNAGU TSUNAGARU”!

**Tanong 2: 🧑♀️ Para saan kadalasang
ginagamit ang center?**

**Sagot: Pinakakaraniwang layunin ay para sa
pag-aaral ng wikang Hapon. Bukod dito, may
mga taong lumalapit para sa konsultasyon
ukol sa pamumuhay, visa/residence status,
trabaho, at iba pa—maraming uri ng usapin
ang napag-uusapan dito.**





**Espesyal
na
Tampok**

PANAYAM KAY GNG. NIIMI MULA SA TAKAHAMA MULTICULTURAL COMMUNITY CENTER “TSUNAGU TSUNAGARU”!

Tanong 3: 🧑♀️ Para sa inyo, ano ang ideal na anyo ng multicultural coexistence (pagkakaisa sa kabila ng pagkakaiba ng kultura)?

Sagot: Hindi kailangang piliting maging magkaibigan agad. Sa simula, sapat na ang simpleng pagbati ng “Konnichiwa” (Hello) sa inyong kapitbahay na banyaga, ang pagbati ng may ngiti—mga simpleng hakbang pero mahalaga.





**Espesyal
na
Tampok**

PANAYAM KAY GNG. NIIMI MULA SA TAKAHAMA MULTICULTURAL COMMUNITY CENTER “TSUNAGU TSUNAGARU”!

(Karugtong)

**Kung wala ang unang hakbang na ito, hindi tayo
makakausad sa susunod. Ganoon din ito kahit
sa pagitan ng mga kapwa Hapon. Ang “Tsunagu
Tsunagaru” ay nais na maging isang lugar kung
saan ang iba’t ibang tao—anuman ang
nasyonalidad, kasarian, at edad—ay natural na
magkakaugnay. Patuloy naming nais na lumago
at magsama-sama kasama ng lokal na
komunidad.**





Espesyal
na
Tampok

ANG MULTICULTURAL COMMUNITY CENTER AY LILIPAT SA LOOB NG WOMEN'S CULTURAL CENTER

Ang Takahama Multicultural Community Center (palayaw "Tsunagu") na kasalukuyang nasa Aoki-chō ay ililipat sa loob ng Women's Cultural Center sa Yuyama-chō. Babaguhin din ang palayaw nito sa "Tsunagu Tsunagaru" at magsisimulang mag-operate sa bagong lokasyon.

Bilang paghahanda sa paglilipat, magkakaroon muna ng **trial operation mula Hulyo 5 (Sabado) hanggang Hulyo 18 (Biyernes)**. Ang opisyal na operasyon ay magsisimula sa **Hulyo 19 (Sabado)**.






Espesyal
na
Tampok

ANG MULTICULTURAL COMMUNITY CENTER AY LILIPAT SA LOOB NG WOMEN'S CULTURAL CENTER

Sa “Tsunagu Tsunagaru”, maaari kang:

- Mag-aral ng wikang Hapon
- Kumonsulta tungkol sa pamumuhay
- Makihalubilo sa mga tao mula sa iba't ibang bansa

Ang center ay isang lugar kung saan maaaring **magkaugnay ang lahat ng tao—bata man o matanda, Hapon o dayuhan—nang maluwag at magaan.** Malaya kayong gumamit ng pasilidad na ito, kaya huwag mahiyang pumunta!





Espesyal
na
Tampok

ANG MULTICULTURAL COMMUNITY CENTER AY LILIPAT SA LOOB NG WOMEN'S CULTURAL CENTER

Impormasyon ng Relokasyon ng Takahama Multicultural Community Center "Tsunagu Tsunagaru"

- **Lugar:** Women's Cultural Center
6-6-4 Yuyama-chō, Takahama City
- **Close:** Lunes, Linggo, at mga pista opisyal
- **Oras:** 9:00 AM ~ 4:00 PM
- **Telepono:** 📞 55-1305

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Takahama
Multicultural Community Center "Tsunagu Tsunagaru",
i-scan ang QR code sa kanan.

◆◆◆URL◆◆◆◆

QR
code

Contact: General Policy Group - 95-9503